

6 NA PARAAN UPANG MATULUNGAN ANG BATA NA MAGING MAHUSAY BUMASA

1 Pag-uumpisa nang Maaga Ang tamang-tamang panahon upang simulang ibahagi ang mga aklat sa mga bata ay habang kamusmusan. Habang maaga, ang mga bata ay dapat may mga sariling aklat, mabasahan nang madalas at makakita ng mga ibang nagbabasa at nagsusulat. At saka, ang mga bata ay dapat himukin upang pag-usapan ang tungkol sa mga aklat na kanilang nabasa na at talakayin o dagdagan ang mga paksa ng istorya o lumikha ng mga bagong katapusan.

2 Palibutan ang Iyong Anak ng Isang Kapaligiran na Mayaman-sa-Babasahin Ang kapaligiran ng tahanan ay kritikal. Gawin itong isang mayaman-sa-letra. Siguraduhin na maglagay ng mga ilang karatula sa paligid ng bahay na ginagamit ang pangalan ng iyong anak. Magkaroon ng mga laruan kagaya ng mga magnetong alfabeto sa refrigerator, mga materyales sa pagsusulat at mataas-na-kalidad na mga aklat.

3 Pakikipag-usap sa Iyong Anak Walang katumbas ang isang maalalahaning may sapat na gulang na naglalaan ng panahon para sa isang bata. Ang bukabularyo, kahusayan sa lengguwahe at kaalaman tungkol sa daigdig ay nakakamtan sa mga panahon ng mga kawili-wiling pakikipag-usap sa mga tumutugon na mga may sapat na gulang. Sa katunayan, ang pakikipag-usap sa may sapat na gulang ang pinakamabuting pinagmumulan ng pagkalantad sa bagong bukabularyo at mga bagong ideya ng isang bata. Sa pang-araw-araw na buhay, ang mga magulang ay dapat ituro at basahin ang mga letra sa kapaligiran. Sa iyong mga anak na nagsisimulang matutong lumakad, ibahagi ang paggawa at paggamit ng mga listahan ng groserya, pagkanta at pagkuwento.

4 Pagtuturo sa Iyong Anak Habang Ikaw ay Nagbabasa nang Malakas Kung ikaw ay nagbabasa kasama ang iyong anak, tulungan mo silang matutunan ang mga mahalagang tuntunin sa letra. Ituro kung paano pinaghiihalay ng mga espasyo ang mga salita. Paminsan-minsan ilagay ang iyong mga daliri sa mga salita habang ikaw ay nagbabasa sa gayun mapag-aaralan ng iyong anak na ang mga pangungusap ay nag-uumpisa sa kaliwa at patungo sa kanan. Ituro ang tuldok sa katapusan ng pangungusap at sabihin, "Iyan ang katapusan."

5 Pagtulong sa Iyong Anak na Makaunlad ang mga Kritikal na Kakayahana na Mag-isip Habang lumalaki ang mga bata mula sa pagiging mga batang nagsisimulang matututong lumakad hanggang sa edad na nag-aaral, sila ay dapat nadadagdagan ng kakayahana upang intindihin ang mga kahulugan ng lengguwahe. Kung ikaw ay nagbabasa, huminto upang talakayin ang mga di-pamilyar na salita upang matutunan ng iyong anak ang kahulugan ng mga ito. Sandaling tumigil upang magtanong ng mga katanungan para matulungan ang bata na mahulaan kung ano ang susunod na mangyayari. Tulungan ang mga bata na maintindihan ang mga pangunahing tauhan ng mga kuwento at himukin silang magsalita tungkol sa kung bakit ang mga tauhang ito ay kumikilos sa paraan na kanilang ginagawa.

6 Paghahanap ng Mahusay na Lugar para sa Preschool

Ang mga bagay na hahanapin sa mataas-na-kalidad na preschool kabilang ang:

- Isang espasyong maraming kagamitan, at magandang-diseyno
- Isang regular at karoniwang gawain sa araw-araw
- Mga makahulugang kumperensiya ng magulang-guro
- Isang sari-saring kurikulum
- Mga mahusay na pamamaraan ng pagtuturo at samahan ng mga guro
- Karanasan sa lengguwahe



This tip sheet draws heavily on Starting Out Right, National Academy of Sciences Press, 1998. Get these tips in multiple languages at www.cta.org/g/raa.

